令和８年度入学生

Pasukan sa Taong 2026

入 学 説 明 会

Pagpapaliwanag sa Pasukan

令和８年１月２２日（木）

January 22, 2026 (Thursday)

小牧市立岩崎中学校

Iwazaki Junior High School Munisipal ng Komaki

１　開会の言葉: Pambungad na Salita

２　校長あいさつ: Pagbati mula sa school Principal

３　説明: Pagpapaliwanag
＜教務主任担当: Academic Affairs Director＞
Ⅰ　教育目標、目指す生徒像について・・・・・・・・・・　３
Tungkol sa layunin sa Edukasyon ng paaralan at Inaasahang katangian ng mag-aaral
Ⅱ　中学校での生活について・・・・・・・・・・・・・・・　３
Tungkol sa Pamumuhay sa Junior high school
Ⅲ　テスト・評価について　・・・・・・・・・・・・・・・　５
Tungkol sa mga Tests at Grades Evaluation
Ⅳ　日課・週時程について　・・・・・・・・・・・・・・・　６
Tungkol sa Every day schedule at Weekly Schedule
Ⅴ　入学式・始業式に関して・・・・・・・・・・・・・・・　８
Tungkol sa Entrance Ceremony at Opening Ceremony
Ⅵ　その他　・・・・・・・・・・・・・・・　９
At iba pa (Mga Paalala at Pakiusap)
＜生徒指導主事担当： Director of Student Guidance＞
Ⅶ　中学校の生徒指導について　・・・・・・・・・・・　１１
Tungkol sa Student Guidance sa Junior high school
Ⅷ　自転車通学に関して　・・・・・・・・・・・　１３
Tungkol sa pagpasok sa paaralan ng naka Bisikleta
＜保健担当: Health Officer＞
Ⅸ　保健指導について　・・・・・・・・・・・・・・・　１６
Tungkol sa Health Guidance
＜事務担当＞
Ⅹ　集金について　・・・・・・・・・・・・・・・　１８
Tungkol sa Pagkolekta ng mga Bayarin sa paaralan
４　質疑: Q & A

５　閉会の言葉: Pagtatapos na pananalita

［連絡・問い合わせ先: Contact information］

小牧市立岩崎中学校　　電話番号　（０５６８）７５－２０８１
Iwazaki Junior High School Munisipal ng Komaki　Tel.No.　(0568) 75-2081

I　Tungkol sa layunin sa Edukasyon ng paaralan at Inaasahang katangian ng mag-aaral

１，　Ang layunin sa Edukasyon ng aming paaralan

"Mamuhay na may pangarap sa buhay"「Live with ambitions」

Inaasahang katangian ng mag-aaral: Isang mag-aaral na gumagawa ng daan para sa hinaharap, may pusong mapagbigay at matatag.

II　Tungkol sa pamumuhay sa Junior high school

１，　Tungkol sa mga Subjects at bilang ng oras ng mga klase

(Sample: Schedule para sa mga Mag-aaral ng 1st Year noong school year 2025)

	Japanese	Social studies	Math	Science	Music	Arts	Health & P.E.	Technical Arts	English	Morals	Class activities	General	Total
In a Year	136	101	136	101	45	45	105	70	136	35	35	70	1015
Per Week	4	3	4	3	1.3	1.3	3	2	4	1	1	1.4	29

２，　Pag-aaral ng mga subjects

（１）Ang pagkakaiba sa Elementary school

① Ang sistema ng pagkakaroon ng Teacher-in-charge sa bawat subjects: Magtuturo ang teacher na dalubhasa sa bawa't subject (Specialized teacher)

② May mababagong pangalan ng subject:　*Sansuu* → *Suugaku* (Math), *Zuga-Kousaku* → *Bijutsu* (Fine Arts), at *Kateika* → *Gijustu Katei* (Technical Arts)

At ang aralin sa P.E. ay gagawin ng magkahiwalay para sa babae at lalaki.

（２）Tungkol sa mga Learning materials

① Mga Textbooks　Ipapamahagi sa araw ng Entrance Ceremony.

② Mga notebooks　Sa unang klase ay ipapa-alam ng bawat teacher ang mga impormasyon tungkol dito.

③ Iba pa　Para sa mga mayroong mga gamit na kaparehas na ginamit sa Elementary ay maaari ulit ito na gamitin. Ang kinakailangang mga gamit ay maaaring bilhin ayon sa mga impormasyong sinabi ng mga teachers. At kung kayo po ay bibili ng bago, ihanda ang simpleng bagay, at iwasan ang mga gamit na magarbo at mayroong elementong parang laruan, para makapag-concentrate sa pag-aaral ang anak.

（３）Tungkol sa pag-aaral sa Tahanan

① Layunin ng pag-aaral sa tahanan

- Magkaroon ng kaugalian (Habit)… Mag-aral araw-araw.
- Kasiguraduhan sa pag-aaral (Establish)… Upang maintindihang mabuti ang pinag-aralan sa paaralan.
- Self-motivation learning…Pag-isipan kung paano malalagpasan ang mga kahinaan at isipin kung paano ma-improve ang sarili para maging matatag.

② Nilalaman ng araling-Pang-tahanan

- Ang mga assignments na gagawin ng lahat ng mag-aaral ay "workbook", at iba pa.
- Sa bawat subjects ay ituturo kung saan parte and dapat pag-handaan na pag-aralan at mga dapat na i-review.
- 1 linggo bago ang Periodical exam ay ihihinto ang mga aktibidad na club activities o *Bukatsudo* bilang Test week.

３，　Special na subject, Moral Education

Simula noong school year 2021 ay naging part na ito ng mga subject. Ang evaluation nito ay isusulat sa pinaka final semester na makikita sa report card ang kanilang ginawang pag-sisikap sa loob ng buong isang taon.

４，　Special Activities

Bukod sa mga aralin ay mayroong espesyal na aktibidad at club activity o *Bukatsudo* para magbigay ng lugar upang matutunan ang pakikipagkapuwa-tao ng mag-aaral. Ang mga detalye ng espesyal na aktibidad: 1. Class Activities, 2. Student Council Activities, 3. School events. Alinman sa mga ito, sa pamamagitan ng group activities sa paaralan, ninanais ang pagkakaroon ng malayang saloobin ang mga mag-aaral.

(1) Class activities

ア Ang aktibidad upang makagawa ng pagbibigay solusyon sa pag-uusap ng mga dahilan at pangunahing problema sa klase at pamumuhay sa paaralan, paghahati-hati ng mga assign na gawain upang mas mapabuti ang pamumuhay sa klase.

イ Ang aktibidad sa paglalayon ng pagtuturo sa Mag-aaral ng paghubog o pormasyon ng pag-uugali ng independenteng pag-aaral., malusog at ligtas na pamumuhay na pag-uugali bilang isang indibiduwal o miyembro ng lipunan.

ウ Tunkol sa paraan ng pamumuhay para sa sariling kinabukasan at ang pagpili ng nararapat na kurso.

（２） Aktibidad ng Student council meeting (Student council activities)

Ito ay i-o-organize kasama ang lahat ng mga mag-aaral, at dito isinasagawa ang mga naka-assign na tungkulin at responsibilidad na kanilang kailangang gampanan. Ang mga officer ng student council ay pinagbobotohan sa school election.

ア Ang mga nabuong Committee sa kasalukuyan

Grade-level Student Council, School lunch, Health, Broadcasting, Environment, at Library

イ Mga pangunahing aktibidad na ginagawa sa Student Council

"Plano ng Student Council Events, Project, Pagsasagawa", "Kampanya ng Pagbati" (Greeting Campaign) at iba pa

（３） Mga Events sa paaralan (School events)

【Halimbawa ng mga events na isinasagawa sa paaralan】

- ○ Seremonyal na Events (Ceremonial Events) ･･･Entrance Ceremony, Graduation Ceremony
- ○ Pang-Kulturang Events (Cultural Events)･･･School Festival, Competition sa Arts at Calligraphy, Farewell ceremony para sa mga magsisipagtapos
- ○ Health & Safety at Sports day na mga Events na Pang-Ehersisyo ･･･Sports festival, School Health Committe
- ○ Trip & Overnight group Event ･･･School trip (3rd Year, 1 Semester), Camping trip (2nd Year, 1 Semester)
- ○ Produktibong Paggawa at Volunteer Event ･･･ General cleaning, Community contribution activities

（４） *Bukatsudou* o Club Activities *Bilang rule, ay ang lahat ng Mag-aaral ay sasali sa Club.

Ito ay ang lugar para sa aktibidad na nagmimithi ng pagkakaroon ng mayamang personalidad, pag-unlad ng indibiduwal na personalidad, pisikal na lakas, training sa mental, ang pagkakaroon ng kaalaman na pang-lipunan at kooperasyon at pagkakaroon ng pagkakaunawaan, pagkakaroon ng kaalaman sa sining at teknikal na kakayahan, at iba pa.

① Athletic club:

Baseball (Lalaki) Soft ball (Babae) Soccer (Lalaki at Babae) Kendo (Lalaki at Babae)
Soft tennis (Lalaki at Babae) Volleyball (Lalaki at Babae) Table tennis (Lalaki at Babae)
Basketball (Lalaki at Babae)

※*Ekiden* o Road relay race (Lalaki at Babae) Para sa mga nais lamang at ang mga aktibidad ay gagawin simula sa buwan ng September ~ December. Hindi isinagawa ang aktibidad noong school year 2025.

② Cultural club:

Brass Band (Lalaki at Babae) Creation (Lalaki at Babae) Home Economics (Lalaki at Babae)

ア Mga aktibidad sa Weekdays: Ang mga aktibidad ay matatapos bago ang huling oras ng pag-uwi.
Bilang rule, ay hindi gagawin ang mga aktibidad kung ang mga club adviser ay hindi makakasali sa aktibidad dahil sa mga meeting at iba pa.
Bilang patakaran, ay magkakaroon ng 1 day-off kada linggo.

イ Mga aktibidad sa Weekend: Ipapamahagi ng club adviser ang schedule para sa club activities.
Bilang regulasyon, ay hindi gagawin ang mga aktibidad sa sumusunod na mga araw. ika-2 at ika-4 na Saturday, at ika-3 na Sunday. Isa sa Sabado o Linggo ay itatakdang araw ng pahinga.

ウ Panahon ng mahabang Bakasyon Sundin ang mga paalala mula sa bawat club adviser.

＜Mga hakbang para sa pagsali sa club＞： Bilang rule, ang mga Mag-aaral ay sasali sa club na kanilang pinili, at nakasulat sa ibaba ang mga hakbang para sa pagsali sa club.

Introduction sa iba't-ibang club → Pag-observe at survey → Pag-experience sa club activity (2 clubs) → Trial club enrollment → Survey → Pagdesisyon sa club na nais pasukan → Pormal na pagsali sa napiling club

At pagpapasiyahan ng Mag-aaral ang kanilang papasukang club sa pagitan ng kalagitnaan at katapusan ng buwan ng May.

（５） Group ng mga Volunteers, "*Jr. Houshi-dan*" Gagawin ito sa ika-2 at ika-4 na Saturday, sa araw na wala ang *"Bukatsudo"*.

５, Oras para sa General studies (Comprehensive Learning)

Gagawin ng 50 hours ang aralin na ito sa loob ng 1 taon, at ang pag-aaral tungkol sa career at sa SDGs ang 2 pangunahing nilalaman ng aralin na gagawin sa loob ng 3 taon. Ang naka-set na Tema para sa bawat Year ay nakasulat sa ibaba. Ang mga detalye para sa pag-aaral na ito ay ipapa-alam sa panahon ng class meeting na gagawin sa buwan ng April.

Mga 1st Year：Makihalubilo sa mga tao./ Mga 2nd Year：Makihalubilo sa mga tao at mag-focus sa future./ Mga 3rd Year：Makipagtulungan sa lipunan

At simula ngayong taon ng paaralan (2025), ay dadagdagan ng 20 hours ang pagre-research tungkol sa mga bagay na [nais malaman] at [matutuhan] ng bawat Mag-aaral bilang oras ng pag-aaral na "My Inquir". Ang mga detalye ay makikita rin ninyo sa Komaki City Homepage.

III Tungkol sa mga Test at Grades Evaluation

１, Layunin Pag-unawa at pag-intindi sa mga pinag-aralan, pag-papanatili ng mga natutunan at gumawa ng isang hakbang ng pag-unlad.

２, Mga uri ng Test

Periodical Test (4 na beses sa 1 taon), Academic ability test, Academic achievement test (April), Homework test, Unit test, Skill test, at iba pa

３, Schedule para sa Periodical test

1st	Sa kalagitnaan ng buwan ng June (Mid-June)
2nd	Sa katapusan ng buwan ng September (End of Sept.)
3rd	Sa kalagitnaan ng buwan ng November (Mid-Nov.)
4th	Sa kalagitnaan ng buwan ng February (Mid-Feb.)

※ Ang mga detalye para sa mga subjects ay ipapa-alam sa panahon ng class meeting na gagawin sa buwan ng April.

４, Announcement tungkol sa mga aralin na masasakop sa Periodical test

Ang listahan ng mga aralin na masasakop ng test ay ipapaalam sa mga Mag-aaral, 2 linggo bago dumating ang unang araw ng test.

5， Tungkol sa iba pang aktibidad sa linggo ng Periodical test

Walang gagawing club activities 1 linggo bago ang araw ng test. Kaya magsasagawa ng Educational consultation at ng extrang pagtuturo at paggabay sa pag-aaral.

6， Tungkol sa Resulta ng test

Magtatabi ng Record ng bawat Mag-aaral sa loob ng 1 taon, at ipapaalam sa bawat Mag-aaral ang resulta. (Tulad ng marka, ranking, at iba pa).

7， Tungkol sa Grades at Evaluation sa bawat subject

Para ipaalam ang kalagayan ng pag-aaral, at kung paano naabot ang layunin sa bawat aralin o subject, ay magbibigay kami ng Evaluation. At ito ay isusulat sa school report card sa pagtatapos ng bawat Semester.

IV Tungkol sa Every day Schedule at Weekly Schedule

1， Weekly schedule (sa school year 2026) **※ Magsasagawa ng rebisyon kung kinakailangan.**

Mayroong **"Cycle timetable"** ang aming paaralan. Mayroong sariling Cycle depende sa section. Maaaring mabago ang schedule dahil sa Exam o sa school event. Ipapamahagi sa bawat Year level ang Monthly schedule.

Timetable pang School Year 2026

Schedule A	Class	Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Schedule B
08：10 08：30	Pagpasok sa paaralan at pag-ayos ng mga gamit						08：10 08：30
08：30 08：40	Short class sa umaga (10 minutes)						08：30 08：40
	Preparation (5 minutes)						
08：45 09：35	1	A1	B1	C1	D1	E1	08：45 09：30
09：45 10：35	2	A2	B2	C2	D2	E2	09：40 10：25
10：45 11：35	3	A3	B3	C3	D3	E3	10：35 11：20
11：35 12：35	4	A4	B4	C4	D4	E4	11：30 12：15
12：35 13：15	School lunch (40 minutes)						12：15 12：55
13：15 13：35	Paglilinis (20 minutes)						12：55 13：15

１３：３５ １３：５０	Break time (15 minutes)						１３：１５ １３：３０
１３：５０ １４：４０	５	A5	B5	C5	D5	E5	１３：３０ １４：１５
１４：５０ １５：４０	６	A6	B6	C6		E6	１４：２５ １５：１０
１５：４０ １５：５５	Short class bago ang uwian (15 minutes)						１５：１０ １５：２５
１６：１０ Huling oras ng uwian		Club activities			Walang gagawing club activities	Club activities	１５：４０ Huling oras ng uwian

（１） Ang mga Mag-aaral ay dapat na pumasok sa paaralan mula sa pagitan ng 8:10 at 8:30 ng umaga. At dapat na nakaupo na sa sariling upuan, at magtatawag ng attendance ng 8:30 ng umaga.

（２） Ang pinaka late na oras ng uwian ay 30 minutes bago ang oras ng paglubog ng araw.(sunset)

２， Tungkol sa pagsagot sa Telepono ng paaralan

（１） Ang telepono ay magiging recording at sasagot ang answering machine mula 6:30 ng gabi hanggang 7:30 ng umaga. (Maaaring mabago ang oras nito.)

（２） Kung ang inyong anak ay a-absent, ay magpadala po ng impormasyon gamit ang apps na “tetoru” bago mag 8:20 ng umaga.

Kung gusto po ninyong makausap ang mga teachers sa telepono, ay pakitawag po ninyo sa paaralan sa pagitan ng 7:40 ~ 8:00 ng umaga.

（３） Kapag walang pasok, ay ang mga teachers ay papasok para sa club activities, at maaaring sumagot sa telepono. Ngunit nais po namin na inyong malaman na may pagkakataon din na walang makakasagot sa telepono. Kapag may Emergency, ay tumawag na lang po sa Komaki City Board of Education.

３， Tungkol sa Annual Plan

Ang pormal na Annual plan ay ipapamahagi sa panahon ng PTA general meeting na gagawin sa buwan ng April.

※ Ang class observation, PTA general meeting at class meeting ay nakaplanong gawin sa April 15. (plano)

【Pangunahing Taunang mga Events sa paaralan】(Maaaring mabago ang schedule.)

Month	Mga Events sa paaralan	Mga Tests	Iba pa
4	Entrance ceremony, Opening ceremony, Welcome ceremony para sa bagong mga Mag-aaral ng 1st Year, Class observation, PTA general meeting, Class meeting	Academic ability test	Body measurement
5	2nd Year: Camping trip		
6	3rd Year: School trip Class observation	1st Periodical test	Educational consultation
7	Closing ceremony, Individual meeting		Municipal tournament

8	Araw ng pagpasok sa paaralan ng mga Mag-aaral		
9	Opening ceremony, Art Competition, Second-term student council officer election	Confirmation test 2nd Periodical test	
10	Competition sa Calligraphy, Sports festival, Cultural festival		
11	School Health committee activity, Class observation	3rd Periodical test	Educational consultation
12	2nd Year: Work experience Individual meeting, Closing ceremony		
1	Opening ceremony, 3rd Year Individual meeting, Entrance Orientation		
2		4th Periodical test	Educational consultation
3	Farewell ceremony para sa mga magsisipagtapos, Graduation ceremony, Closing ceremony Student Council Elections – First Semester, Next School Year		

V　Tungkol sa Entrance Ceremony at Opening Ceremony

１，Petsa　　April 9, 2026 (Thursday)　Mula 8:50am

Sa Gymnasium ng Iwazaki Junior High School

２，Schedule

（１）Pag-announce ng section　8:15am ~ 8:30am

Ito ay ipapaskil sa Gymnasium. Tingnan at alamin ng mga bagong papasok na Mag-aaral ang kanilang sariling section, student number at pangalan, at pumasok mula sa south building ng paaralan. Ilagay ang suot na sapatos sa lalagyan na may nakasulat ng inyong section (sa lugar ng inyong student number), at magpalit ng indoor shoes. Pagkatapos nito ay pumunta sa sariling classroom sa 3rd floor ng south building, at maghintay sa kani-kaniyang classroom.

Ang mga Magulang ay magpapalit ng isusuot na slippers sa entrance ng Gymnasium, at pagkatapos mag register sa Reception, ma-uupo sa upuan para sa mga Magulang bago mag 8:45 ng umaga.

（２）Pagpasok sa Gymnasium ng mga Magulang　Mula 8:15am ~ 8:45am

（３）Entrance ceremony at Opening ceremony　Mula 8:50am ~ 9:30am

※Schedule para sa mga Magulang

Pagkatapos ng mga seremonya

Pagbati ng head teacher sa mga Mag-aaral ng 1st Year　Mula 9:30 am~ 9:45am

Lecture tungkol sa smartphone　Mula 9:45 am~ 10:15am

（４）Class activities①　Mula 9:40am ~ 10:20am

（５）Class activities②　Mula 10:30am ~ 11:10am

Ang mga Magulnag ay mag-o-observe sa class activities ② sa kani-kanilang classroom.

３， Mga dadalhing bagay

【Mag-aaral】 School bag (Tingnan din sa P. 13), Pencil case, slippers ([kulay Green] na itinalagang slippers), at Gymnasium shoes (Itinalaga ng paaralan)

Ipapamahagi ang mga Textbooks (15 books). Magdala ng malalaking bag.

【Mga Magulang】

Notice of School Admission o "*Nyuugaku Tsuuchisho*" at slippers

４， Mga ipapamahaging bagay

Mga textbooks (15 books), *Iwazaki-chu no-to*, Survey form ng sitwasyon ng mag-anak o "*Katei Kankyo Chousa-hyou*", survey form pang Health, at iba pa

５， Iba pa

Walang parking-lot ang paaralan. Iwasan pong pumunta sa paaralan nang naka sasakyan. At paki-iwasan din po ang pagpaparada sa paligid ng paaralan upang hindi makaabala sa mga nakatira sa paligid nito.

６， Mga bagay na dapat ihanda bago ang Entrance Ceremony

（１） Uniform

Pakibanggit ang pangalan ng paaralan "Iwazaki Chugakko" sa tindahan kapag bibili kayo ng mga school uniform.

（２） Name tag: Ito ay ihahanda ng paaralan, at itatabi sa paaralan. At hindi ito i-uuwi sa bahay.

（３） Slippers at Gymnasium shoes

（４） Tungkol sa pagbili ng mga kailangang gamit sa paaralan

Pakibili ang mga gamit na nakalista sa ibaba.

Mga kagamitan	Remarks
School Uniform	Tingnan ang P 12 at 13 (Tagalog Ver.)
Slippers	Itinalaga ng paaralan (Bagong Mag-aaral ng 1st Year ay kulay Green)
Gymnasium shoes	Itinalaga ng paaralan
P.E. uniform Short sleeve P.E. uniform Half pants	Itinalaga ng paaralan
Jersey	Itinalaga ng paaralan

※ Simula noong school year 2023, ay nagbago ang design ng half pants at jersey ng paaralan. Maaari ring gamitin ang mga may dating design.

（５）Iba pa　Sapatos pamasok (Rubber shoes na maaaring gamitin sa P.E .class)

Winter coat at “windbreaker” kung kailangan

VI　At iba pa (Mga Paalala at Pakiusap)

Paalala

1　Tungkol sa mga school uniform at learning materials

○ Mga ihahanda ng Magulang bago ang Entrance Ceremony

School unifoirm, school bag, sapatos pamasok, slippers (kulay Green), P.E. uniform at Gymnasium shoes

○ Ang name tag ay ipapamahagi ng paaralan sa araw ng Entrance Ceremony.

○ Ipapamahagi ang mga Textbooks sa araw ng Entrance Ceremony. Magdala ng bag.

2　Tungkol sa pag-contact sa paaralan

Para sa pagiging independent ng mga Mag-aaral, ay nais po naming makipag-communicate sa mga Magulang.

○ Kung ang anak ay hindi makakapasok sa paaralan, male-late at maagang uuwi, ay pakiusap po sa Magulang na ipaalam ito sa paaralan. Kapag wala po kaming natanggap na impormasyon mula sa Magulang at hindi pumapasok sa paaralan ang anak, ay may pagkakataon na tatawag ang paaralan sa Magulang para matiyak ang safety ng Mag-aaral.

○ Kung ang anak po ay kailangang umuwi nang maaga, dahil sa masamang pakiramdam ay tatawag ang teacher sa Magulang.

○ Kung ang anak ay manonood lamang sa klase ng P.E., aktibidad ng *Bukatsudo*, a-absent sa aktibidad ng *Bukatsudo*, may nais sabihin o ikunsulta at iba pa ay isulat na lamang po ito sa communication notebook ng *Iwazakichu no-to*.

3　Tungkol sa pagkakaroon ng Bike insurance

Ayon sa batas ng Aichi Prefecture, ay ang mga gumagamit ng bisikleta ay dapat na magkaroon ng bike insurance simula noong October 2021. Sa pamumuhay sa junior high school, ay maraming pagkakataon ang mga Mag-aaral na gumamit ng bisikleta para rin sa mga Mag-aaral na naglalakad papuntang paaralan tuwing papasok sa paaralan. Pakiusap po sa Magulang na magkaroon ng bike insurance.

＜Mga Halimbawa ng paggamit ng bisikleta＞

- Para sa aktibidad ng *bukatsudo* sa panahon ng Holiday at Summer vacation.
- Pagpunta sa ibang paaralan para sa mga aktibidad ng *bukatsudo*.
- Para sa Work experience (mga Mag-aaral ng 2nd Year).
- Pagpunta sa senior high school para sa pag-observe at pagkuha ng Entrance exam (mga Mag-aaral ng 3rd Year).

Pakiusap

1 **Tungkol sa Consultation Activity**

○ Tungkol sa paggamit ng serbisyo ng School Counselor

Ang school counselor ay bibisita sa paaralan ng 1 beses sa 1 linggo (Bilang regulasyon ay tuwing Tuesday), base sa mga ipinag-aalala at problema at konsultasyon ng Mag-aaral. Maaari rin pong kumonsulta ang mga Magulang. Kinakailangan po ang reserbasyon, kaya magsabi sa class teacher ng inyong anak o sa head teacher sa bawat grade.

Dahil po sa pagbabago ng estilo ng pamumuhay, ay ang mga Mag-aaral ay maaaring mapagod lalo na sa loob ng 1st semester. Paki bigyan-pansin po ang kalagayan ng anak at pasiglahin din ninyo sila. At kung mayroong nais pong itanong o alalahanin, ay itawag sa paaralan. Maraming salamat po.

VII Tungkol sa Student Guidance sa Junior high school



★ *Ang kanai-nais na pamumuhay, bilang isang Junior high school studend!*

★ *Iwasan ang pambu-bully, pagliban sa paaralan, at mga problemadong asal, sa pamamagitan ng individualized instruction!*

★ *Linangin ang positibong pag-uugali at determinasyong mapa-unlad ang sariling buhay!*

1. Mga Rules para sa pamumuhay sa paaralan

Ang paaralan ay isang lugar kung saan namumuhay ang mga mag-aaral bilang isang grupo. Bilang isang Junior high school student ngayon, huwag kalimutan ang mga bagay na tunay na mahalaga at kailangang gawin at magkaroon ng makabuluhan at masayang buhay sa paaralan!

（1） Pagpasok sa paaralan at pag-uwi

○ Ang mga Mag-aaral ay dapat na nasa paaralan sa pagitan ng 8:10 hanggang 8:25 ng umaga.

○ Siguraduhing sundin ang itinakdang oras ng uwian.

○ Ang mga Mag-aaral ay dapat na dumaan sa itinalagang daanan ng paaralan o school zone, at magpakita ng mabuting asal at sumunod sa mga batas trapiko.

○ Ang mga Mag-aaral na kailangan na gumamit ng bisikleta, bus, at train dahil sa espesyal na kalagayan ay kailangan ang pahintulot ng class teacher or in-charge na teachers.

○ Ang mga Mag-aaral na kailangan na gumamit ng bisikleta para sa aktibidad ng *bukatsudou*, ay kailangan na magpasa ng application form at gumamit ng na-inspected na bisikleta.

（２） Absent, pagpasok nang late, at pag-uwi nang maaga

○ Ang pag-absent at pagpasok nang late ay dapat na ipaalam ng Magulang sa paaralan.

○ Kung masama ang pakiramdam o iba pang dahilan, at kinakailangang umuwi nang maaga, ay magsabi sa class teacher at sumunod sa instruction.

（３） Mga dadalhin

○ Dalhin ang *Iwazakichu No-to* araw-araw.

○ Huwag magdala ng mga bagay na hindi kailangan sa pag-aaral tulad ng pera, mga mahahalagang bagay, at iba pa.

２． Mga isusuot

（１） School uniform

≪Bagong school uniform na itinalaga simula ngayong school year 2024≫

＜School uniform>

○ Magsuot ng blazer at pants o di kaya ay skirt na itinalaga ng lungsod.

＜School shirt at iba pa＞

○ Magsuot ng plain at kulay puting school shirts na mahaba ang manggas.

○ Magsuot ng kurbata or necktie o di kaya ay ribbon na itinalaga ng paaralan.
Ang nectie at ribbon ay isusuot simula Novenber 1 ～April 30.

○ Sa panahon ng tag-init, ay magsuot ng kulay puting school shirt or open-collar shirt. Maaari rin ang kulay puti o itim na polo shirt.

☆ **Bagama't nagbago ang school uniform simula noong school year 2024, maaari pa ring isuot ang school uniform na may dating design.**

≪Pang-itaas≫

○ Magsuot ng standard school uniform.

○ Sa ilalim ng school uniform, ay magsuot ng kulay puting school shirt.

○ Sa panahon ng tag-init, ay magsuot ng kulay puting school shirt or open-collar shirt. Maaari rin ang polo shirt.

≪Pang-ibaba≫

○ Magsuot ng standard school uniform o skirt.

○ Ang skirt ay dapat na 10 cm ang haba mula sa tuhod pababa.

○ Magsuot ng belt na kulay itim, navy blue, at brown at mga 3 cm ang lapad.

※ Para makaiwas sa Heatstroke, ay ang mga Mag-aaral ay nagsuot ng P.E.uniform sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi simula noong taong 2025, kalagitnaan ng buwan ng May hanggang katapusan ng October.



（２） Name Tag

○ Ang mga Mag-aaral ay magkakabit ng name tag sa loob ng paaralan.

○ Pag pasok ng paaralan, ay isuot ang name tag sa kaliwang bulsa ng dibdib ng school uniform.

○ Ito ay tatanggalin at itatabi sa classroom sa oras ng uwian.

（３） Ayos ng buhok ※ Magbabago ang nilalaman nito mula sa taong 2026 (Reiwa 8) gaya ng nasa ibaaba.

○ Panatilihing malinis ang buhok na naaangkop sa isang mag-aaral sa Jr. high school.
○ Ipinagbabawal ang pagpapakulot ng buhok. Para sa pagpapatuwid ng buhok, ay kinakailangan na ipaalam at humingi muna ng pahintulot ang Magulang sa class teacher ng anak.
○ Ipinagbabawal ang magkulay ng buhok.
○ Para sa mga babae na may mahabang buhok at kung ito ay umaabot sa balikat, ay kinakailangan talian ito gamit ang panali na kulay itim, navy blue, at brown.
○ Ipinagbabawal ang paggamit ng pabango at gel sa buhok.

（４） Medyas

Simpleng kulay na puti, itim, navy blue, brown, at gray na medyas. Maaari rin ang may one point design. (Hindi maaaring magsuot ng loose socks).

（５） Sapatos

○ Ang sapatos sa pagpasok ay dapat na angkop na sapatos pang-isports para sa paaralan.
○ Magsuot ng slippers at Gymnasium shoes na itinalaga ng paaralan. (Ang kulay ng slippers para sa bagong 1st Year ay Green.)
○ Kapag hindi maganda ang panahon, ay maaaring magsuot ng rain shoes at raincoat.

（６） Mga panlamig na kasuotan at kagamitan

○ Sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi ay maaaring magsuot ng mga panlamig, tulad ng winter coat, down jacket, windbreaker, at iba pa na maaaring magkasya sa locker.
○ Maaaring magsuot ng simpleng kulay na puti, itim, navy blue, at brown na sweater at vest. (Maaari rin ang bagay na may one point design.) Ang mga ito ay isusuot sa ilalim ng school uniform para sa pag-adjust sa temperature.
○ Para sa mga babae ay maaaring magsuot ng tights (kulay itim or skin color).
○ Sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi, ay maaaring magsuot ng muffler, neck warmer, at winter gloves (hindi maaari ang gloves na hindi hiwa-hiwalay ang mga daliri.)

（７） School bag

Gumamit ng bag na magkakasya sa locker (width 46.5 cm X height 24.0 cm X depth 37.5 cm)

VIII Tungkol sa pagpasok sa paaralan ng naka Bisikleta

Ang mga Mag-aaral na nakatira sa sumsunod na mga lugar at kung sila ay mag-a-apply, maaaring gumamit ng bisikleta para sa pagpasok sa paaralan.

Kubo ishiki (bandang northeast ng Honda Josuido), at ilang parte ng Irukadeshinden (bandang west ng Kawachiyagawa).

１． Paraan ng paggamit ng Bisikleta

（１） Magsusuot ng Helmet.

（２） Laging magsagawa ng inspeksyon ng bisikleta.

（３） Magbisikleta sa kaliwang gilid ng kalsada nang nakaayos sa isang linya. At panatilihin ang sapat na distansya sa pagitan ng mga bisikleta.

（４） Panatilihing nakawahak sa magkabilang handlebar at iwasan ang mag-angkas.
（５） Magsuot ng rain coat kapag umuulan. (Huwag gumamit ng payong.)

２． Dumaan sa itinalagang daanan o school zone at bababa sa bisikleta mula sa school gate.

３． Huwag manghiram o magpahiram ng bisikleta sa iba.

４． Iwasang gumamit ng bisikleta kapag hindi maganda ang panahon, gaya ng pag-ulan ng snow.

５． Ipinagbabawal ang paggamit ng bisikleta gaya ng nakasulat sa ibaba.
（１） Bisikletang hindi ayos ang handlebar at preno.
（２） Bisikletang mayroong mga hindi kailangang aksesorya.
（３） Bisikletang na-remodel, binago o may hindi kailangang pintura.
（４） At dapat na inspeksyunin ang bisikleta batay sa sumusunod na mga check points.
(Ayon sa *Iwachu No-to*.)

Self-inspection checklist
① Ang taas ng bisikleta ay dapat sapat para maabot ng paa ang lupa habang nakasakay.
② Dapat may ilaw at gumagana ito.
③ Dapat na nakadikit ang bicycle bell at ang reflective material sa likuran ng bisikleta.
④ Ang preno sa harap at likod ay dapat gumagana nang maayos.
⑤ Ang helmet ay may strap sa baba at nakasulat ang pangalan ng mag-aaral dito.
⑥ Dapat mayroong kandado o susi upang maiwasang nakawin ang bisikleta.
⑦ Dapat na hindi nakakabit sa bisikleta ang delikadong mga aksesorya.
⑧ Huwag baguhin ang bisikleta sa maling paraan.
⑨ Dapat na magkaroon ng bike insurance.

６． Sa mga aktibidad ng club tuwing bakasyon, pinahihintulutan ang mag-aaral na pumasok sa paaralan ng naka bisikleta, kahit sila ay nakatira sa labas ng itinakdang lugar para sa pagpasok gamit ang bisikleta. Tumutukoy ito sa panahon ng walang pasok ang school (Saturday, Sunday, Holiday) at sa mahabang bakasyon. Dahilan sa pagsa-sang -alang -alang sa mga pag-iwas sa Heatstroke at sa pagkapagod ng mga mag-aaral matapos ang iba't ibang aktibidad sa paaralan. At bilang bahagi rin ng mas maayos na buhay-paaralan ng mga mag-aaral. I-se-setting ang Bicycle parking gaya ng nasa ibaba.

Pangalan ng Club	Bicycle parking Area
Baseball/ Soccer	Bicycle parking
Soft tennis	Sa tabi ng Tennis court
Brass band/ Creative/ Handicraft/ Softball	Middle court
Basketball/ Volleyball/ Table tennis	Sa harap ng Gymnasium
Kendo	Sa gilid ng Judo and Kendo Dojo

※1 Ang paraan ng Pagpasok sa school sa araw ng Weekday ng 1~3 Semester ay gaya ng dating ginagawa ng mga mag-aaral.

※2 Kung i-pa-park ang Bisikleta sa harap ng Gymnasium, pakisuyong mag-park mula sa sulok nito. Kung saan mabato o buhangin ang ibaba ng Parking.

※3 Maghanda para sa paggamit ng bisikleta sa school life at sigutaduhing i-check ang "Self-inspection checklist" na nasa itaas.

岩崎中学校通学路



岩崎中学校通学区域

県住は棟で５つの
通学区に分かれる。

１街区→県住１棟
２街区→県住２棟
３街区→県住３棟
４街区→県住４棟
５街区→県住５棟

IX　Tungkol sa Health Guidance

1．Para makapamuhay nang masigla sa Junior High School

Simula sa Junior high School ay maiiba ang pamumuhay kumapara sa Elementary School, maiiba rin ang mga gawain sa klase, magkakaroon ng Periodical test, *Bukatsudou*, Sports festival, Culture festival at iba pang mga Events. Ayusin ang pamumuhay at pakiusap po sa Magulang na sportahan ang inyong anak.

※　Sapat na tulog at pahinga

※　Balanseng pagkain

※　Pahalagahan ang pakikipag-usap sa inyong anak

◎Tungkol sa Health management

Ipaalam lamang po ninyo sa paaralan kung kayo ay mayroong alalahanin sa kalusugan ng inyong anak para sa pamumuhay sa paaralan at sa physical education. At kung mayroong karamdaman o sakit ang inyong anak ay komunsulta sa inyong Doctor.

※　Para sa mga Magulang ng anak na mayroong sakit sa puso at kidney, mayroong kaso na hihilingin namin sa inyo na kumuha sa inyong Doctor ng Form ng [***Gakko seikatsu kanri shido hyo***]. (At ito po ay para sa mga nag-aaral sa Junior high school at sa Senior high school. At naiiba ito sa form para sa mga mag-aaral sa Elementary school.)

※　Matapos ang Enrollment ay magkakaroon po ng Medical examination. (Para sa Health, diseases, Allergies at iba pa).

※　Ang Medical examination po ay gagawin simula April hangang June.

2．Tungkol sa mga paraan ng pagtugon pagdating sa school lunch para sa mga Mag-aaral na mayroong Food Allergies

（1）Para sa mga Mag-aaral na mayroong Allergies sa pagkain na nangangailangan ng kaukulang gabay sa school lunch ay kailangang magpasa ng [***Gakko seikatsu kanri shido hyo].***

(Para sa mga Mag-aaral na mayroong Allergies)].

◎Kasama rin dito ang School life, tulad ng Field trip, Camping trip at iba pa.

◎Kung nangangailangan na alisin ang gatas at itlog sa school lunch center at kung gustong humingi ng soymilk at detalyadong listahan ng sangkap ng pagkain.

◎Para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng Epipen (Adrenaline auto-injector).

（2）Isasagawa ang pag-aasikaso ng Allergies batay sa Food Allergies Guidance sa school lunch ng Komaki-city at sa [Gakko seikatsu kanri shido hyo].

Ang general rule ay batay sa dalawang pagpipilian lamang—kung isasagawa o hindi isasagawa ang pag-aasikaso sa nasabing sanhi ng Allergy. At ang tungkol sa mga pagkain na ginamitan ng mga sangkap na sanhi ng Allergy na kailangang asikasuhin, ay hindi isinasagawa ang maraming antas ng pag-aasikaso batay sa dami ng gamit o paraan ng pagluluto, at hindi ihahain ang naturang pagkain.

（Ex.）Hindi po kami makakapagbigay ng ganitong uri ng tugon gaya ng nasa ibaba.

×①Aalisin lang ang itlog ng pugo sa ulam at kakainin ito ng Mag-aaral na mayroong Allergy sa itlog.

×②Dahil sa nababawasan na ang sintomas at maganda na ang kalagayan ng kalusugan ng mag-aaral na mayroong Allergy, kakain ng kaunting *shumai* na may hipon na hindi dapat kainin noon. (Example: Kakain ng 1 sa mga 3 inihain na *shumai*).

※ Ito ay ipinapatupad para sa seguridad at kaligtasan ng Mag-aaral na mayroong Allergy sa pagkain. Dahil kung sila ay kakain kahit na kaunti, ito po ay maaaring humantong sa malulubuhang aksidente. Para maiwasan ang anumang aksidente, hindi pinapahintulutan ng paaralan na ang mga Mag-aaral na mayroong Allergy sa pagkain na alisin ang putahe na sanhin ng Allergen. Unawain po ninyo ito. Bilang karagdagan, ay ang school lunch menu list para sa mayroong mga Allergies ay ipapaskil din sa classroom para sa ligtas na serbisyo ng pagkain.

※ Kailangan po ninyong magpasa nito ng 1 beses sa bawat 1 taon. **[Gakko Seikatsu kanri shido hyo]**

※ Para sa paggawa ng [Gakko Seikatsu kanri shido hyo (Allergy shikkan you)], ay mayroong bayad depende sa inyong Ospital na pupuntahan. (Ang mga magulang po ang magbabayad dito.).
Maraming salamat po sa inyong pang-unawa.

Ang general rule ng pag-aasikaso sa Food Allergies ay batay sa dalawang pagpipilian lamang—kung isasagawa o hindi isasagawa ang pag-aasikaso sa nasabing sanhi ng Allergy. At isasagawa ito batay sa tagubilin ng Doctor sa [Gakko seikatsu kanri shido hyo].

Kung maaari, mangyaring hilingin sa Doktor na mag-fill out ng mga bagay na dapat isaalang-alang at ng mga management items at iba pa.

(Example) Kung hindi maaaring kumain ng hilaw na Peach pero maaaring kumain ng nilutong Peach.

→Maaaring kainin ang nilutong Peach. At ibapa.

Mga Steps ng pagtugon sa mayroong Allergies sa pagkain sa Iwazaki Junior High School…

(Halimbawa) Kung mayroong Allergies sa pagkain at nagnanais humingi ng Detalyadong listahan ng school menu

①Magpatingin sa Doctor at humingi ng [Gakko seikatsu kanri shido hyo (Allergy shikkan you)] at I-fill out ito

※ Alamin kung nangangailangan ng kaukulang gabay para sa Allergy sa pagkain sa paaralan.

②Ipasa sa class adviser ang [Gakko seikatsu kanri shido hyo (Allergy shikkan you)].

③Magkakaroon ng Conference o meeting sa paaralan.

※Mga kasama sa meeting : Mag-aaral, Magulang, Class adviser, Nutritionist teacher, Nursing teacher at iba pa

※Nilalaman ng pag-uusapan: Sitwasyon ng Allergy sa pagkain, paraan ng pagtingin sa detalyadong listahan ng sangkap ng pagkain sa menu
Paraan ng pag-check ng buwanang listahan ng menu
Kung ano ang gagawin kung mayroong Allergy sa pagkain na nasa menu, at iba pa

※Kailan : Bago magpasukan, sa araw ng Entrance ceremony, Class observation at sa Individual meeting ng teacher at ng magulang. At magkakaroon ng meeting ayon sa sitwasyon ng anak.

※Kailangan ding isumite ang mga kinakailangang Dokumento tulad ng aplikasyon bago at pagkatapos ng interview.

④Sisimula ang pagbibigay ng kaukulang gabay

※ Kung simula Elementary pa lang ay nakakatanggap na ng kaukulang gabay para sa Allergy sa pagkain ay maaaring mapabilis ang pagbibigay ng patuloy na paggabay sa allergy sa pagkain.

X Tungkol sa Pagkolekta ng mga Bayarin sa paaralan

January, 2026

Para sa mga Magulang ng Bagong papasok na Mag-aaral

Iwazaki Junior High School Munisipal ng Komaki
Principal: Emoto Katsuya

Tungkol sa Pagkolekta ng mga Bayarin sa paaralan para sa mga Mag-aaral ng 1 st Year sa school year 2026

Maraming salamat po sa inyong pang-unawa at pakikipag kooperasyon sa mga aktibidad pang edukasyon sa aming paaralan. Nais po naming inyong malaman na ang mga bayarin sa paaralan para sa school year 2026 ay kokolektahin tulad ng nakasulat sa ibaba.

NOTES

（１） Halaga ng buwanang pagkolekta ng mga bayarin sa paaralan (mga halimbawa sa school year 2025)

April	16,000 yen
May	11,320 yen
June	13,000 yen
July at August	12,000 yen
September ~ December	10,000 yen
January	10,240 yen
February	9,600 yen

※ Dahil sa maraming dapat bilhing kagamitan para sa pag-aaral sa simula ng pasukan, at sa dapat itong mabayaran kaagad, medyo marami at malaki po ang inyong dapat bayaran sa buwan ng April.

※ Ang halaga ng inyong bayarin sa November at sa December ay maaaring mabago dahil sa kalagayan at sa iba pang bagay. Maraming salamat po sa inyong pang-unawain rito.

（２） Mga Detalye ng buwanang halaga

School lunch fee 280 yen × Bilang ng aktuwal na kinain sa paaralan

Student activity fee 220 yen (buwanang halaga) × 12 beses

School year fee

Ito po ay ang natirang halaga pagkatapos ibawas ang nasabing mga bayarin mula sa halaga ng buwanang koleksyon.

（３） PTA membership fee 1,680 yen para sa 1 pamilya, at kokolektahin ito kasama na sa bayarin sa buwna ng May.

（４） Araw ng pagkolekta ng bayarin sa paaralan

Ayon sa “Schedule ng regular na pagkaltas ng mga bayarin sa paaralan mula sa inyong bank account sa school year 2026”

（５） Kapag hindi po kami nakapagkaltas dahil sa wala kayong sapat na halaga ng deposito sa inyong bank account

Magbayad po kayo sa paaralan sa pamamagitan ng ibibigay na form “Furikomi youshi”. Paki-depositohan po ninyo ang sapat na halaga sa inyong banko bago dumating ang araw ng pagkolekta ng bayarin sa paaralan.

Schedule ng regular na pagkaltas ng mga bayarin sa paaralan mula sa inyong bank account sa school year 2026

Year	Month	Date	Day	Year	Month	Date	Day	Year	Month	Date	Day
2026	4	20	Mon	2026	8	10	Mon	2026	12	10	Thu
2026	5	11	Mon	2026	9	10	Thu	2027	1	12	Tue
2026	6	10	Wed	2026	10	13	Tue	2027	2	10	Wed
2026	7	10	Fri	2026	11	10	Tue				

※Walang pagkolekta sa buwan ng March.

MEMO